Dumalo sa pabingo ng team Legacy si Al Aprilboy Barocaboc na lookalike ni April Boy Regino at siya ay nagbigay ng kasiyahan sa mga residente ng Barangay 96 Vitas,Tondo, Manila. Nasa larawan din si Congressman Atong Asilo. **(FREDDIE M. MANALAC)**

## BUHAY-KARERA

MARLON BAGUS
0999-7060160
email: champ22mb@gmail.com



## 2019 JAPAN CUP

Lalargahan ang malaking pakarera na 2019 "Japan Cup" na idaraos sa pista ng Metro Turf sa Malvar, Batangas. Maraming karerista ang tiyak na tatangkilik sa nasabing pakarera na talaga namang kaabang-abang. Ang mga nauna nang nominado sa tampok na pakarerang iyan ay ang mga kabayong sina Eugene Onegin, Hiway One, Lakan, Lemon Drop Title, Pride Of Laguna, Son Also Rises, Sooner Time at Summer Romance. Sila ay maglalaban sa distansiyang 1,400 meters lamang. Base sa listahan ng mga nais lumahok sa tampok na pakarerang iyan ay maituturing na isang napakagandang pasalubong ulit iyan sa bayang karerista ng "MMTCI New Management Team" dahil sa uri ng pistang pagdarausan at distansiya na paglalabanan ay paniguradong magiging kapana- panabik ang ating mapapanood pagbukas pa lamang ng aparato. Nasa kalahati sa bilang nila ay pawang mga banderista o sprinter. Kung kaya't mapipilitan na magsigalawan na rin kaagad ang mga nasa likuran kaya umaatikabong ayudahan na ang ating mapapanood. At pagsungaw sa rektahan ay paniguradong yayanig sa sigawan ang mga kareristang makakapanood sa loob ng karerahan kabilang na rin ang mga nasa OTB's kaya kung maluwag rin lang naman sa araw na iyan ay mas mainam at magandang masaksihan na mapanood ang bakbakan nila sa loob mismo ng Metro Turf. Paglabas ng listahan para sa mga huling makakasali sa tampok na 2019 "Japan Cup" ay aking ibabahagi sa inyo ang aking analysis upang sa gayon ay mabigyan ang lahat ng mga posibleng mangyari maganap diyan. Sa ngayon ay may kabuuan na halagang P500,000 ang ipapamahaging premyo diyan para sa unang apat na tatawid sa linya.

## HANEP SHOWBIZ

# ACTING, LOVE DIN NI PIA WURTZBACH



**NASA puso rin ni 2015 Miss Universe Pia Wurtzbach ang pag-arte.**

Alam ba ninyo na bilang isang beauty queen ay isa pa sa love ni Pia ay ang acting.

Game nga ang ating 2015 MU if ever na darating ang pagkakataon na may offer sa kanya for audition sa Hollywood.

Sa kanyang pagiging host kamakailan ay nainterbyu ni Pia ang bida sa pelikulang Captain Marvel na si Brie Larson.

Say ni Pia, just in case na isasapelikula ang isang Filipino superhero sa Hollywood ay sasabak siya.

Meaning ay never pang magdadalawang isip si Pia para sa pag-audition ng nasabing pelikula.

Why not Pia, go go go!

@@@

**KYLIE, IKAW NA NGA BA?**

Speaking of beauty queen, ang Pinay Miss International na si Kylie Verzosa na nga kaya talaga ang tinutumbok ni Jake Cuenca?

Ito kasi si Jake ay sobrang tipid sa kanyang mga statement na may kaugnayan sa kasalukyang love life niya.


May pag-amin kasi ang aktor na lumalabas siya o mayroong ka-date.

Sabi pa ng 31-anyos na aktor ay hindi naman niya ito itinatago, in fact ay open to the public sa pamamagitan ng kanyang online posts.

Walang pinipin-point na name ng girl ang aktor pero sa kanyang mga post ay madalas na kasama niya ay si Kylie.

Remember, year 2016 ay naibigay ni Kylie sa bansa ang isang karangalan.

Nasungkit ni Kylie ang ang pang-anim na Miss International crown.



After being a beauty queen ay pumaindayog si Kylie sa daigdig ng showbiz.

Kylie, ikaw na nga ba? Ayaw sumagot ni Jake eh, hahaha.

@@@

**IT'S FINAL!**

May rebelasyon na between Jimuel Pacquiao at sa aktres na si Heaven Peralejo.

Si Jimuel ay panganay na anak ni Pambansang Kamao Senator Manny Pacquiao.

It's final, magdyowa ang dalawa.

Marami kasing nangungulit o nagtatanong kaya hayan at umamin na ang anak ni Pacman.

Sa panig naman ni Heaven, ang relasyon daw nila ni Jimuel ay mahirap itago kaya no choice kundi ilantad na lamang ito.

No problem naman dahil sina Jimuel at Heaven ay parehong nasa right age naman na, pareho silang 19-anyos na.

Alam ba ninyo kung saan o paano nabuo ang kanilang love?

Well, sa isang mall pinagtagpo ang landas nilang dalawa.

# Pahiram ng Oras

ni Ate Josie

**(ika- 110 labas)**

**MAAARING** may impluwensiya si Lyka para sa nabuong desisyon ni Kardo.

Gayunman ay nasa isang sulok na pala talaga ng isipan ni Kardo ang posisyong tatakbuhin.

Masasabing nakatulong si Lyka sa pagpasya ni Kardo dahil may iba siyang minimithi.

"Salamat po konsehal."

Tuloy pa rin sa pagseserbisyo si Kardo para sa pagtatapos ng kanyang ikatlong termino sa konseho.

"Hayaan mo konsehal, nasa likuran mo pa rin kami sa pagtakbo mong mayor."

Sa mga naririnig ay mistulang tumataba ang puso ni Kardo at tila nakakatanaw ng pag-asa sa kanyang posisyong minimithi.

Katunayan naman ay maayos at maganda ang performance ni Kardo sa kanyang panunungkulan bilang konsehal.

Ang mga papuri ay tila hindi alam ni Kardo na sa kanyang distrito lamang nagmumula.

Medyo nakakalimot yata si Kardo na buong bayan na ang nakasalalay dahil nga alkalde ang kanyang target.

Dapat ay tingnan o alamin ni Kardo ang pulso ng iba pang lugar o ng buong bayan.

Mayroon naman kahit paano na pumupuri kay Kardo mula sa ibang distrito o lugar.

Subalit dapat ay batid ni Kardo na kailangan ay ang buong bayan ang kanyang isasaalang-alang.

Sa puntong ito ay animo naghahanap ng mas makapangyarihang puwesto si Kardo.

Kapangyarihan na ang nagtutulak kay Kardo ay upang kumita o magkaroon ng maraming salapi.

Pero kahit ganoon ang hangarin ni Kardo ay nasa puso pa rin naman niya ang tunay na pagseserbisyo.

Iyon nga lamang ay magagamit ni Kardo ang posisyon bilang alkalde para sa kanyang pangarap.

Nangangarap si Kardo ng mas magara o maginhawang buhay na sa kanyang tingin ay matatamo iyon kapag naupo na siya sa munisipyo.

"Mabuhay si Mayor Kardo… Mabuhay si Mayor Kardo."

**(Itutuloy)**




**(Ika-2 labas)**

**HINDI** nadatnan o nakita ang pakay kaya sobra ang panlulumo ni Bernie.

Naglakad na lamang nang naglakad si Bernie na walang direksiyong pupuntahan.

Lumulutang kasi ang kanyang utak at tinalo ng pagoda ng katawan sa mahabang paglalakad.

Kaya naman hindi namalayan ni Bernie na napaupo siya sa semento ng bangketa.

Sa pagkakaupong iyon ni Bernie ay nakatulog siya bunga ng matinding pagod.

"Iho, gising."

Naalumpungatan si Bernie dahil may kumakalabit sa kanya at nanggigising.

Ang babaing tinulungan ni Bernie ang kumakalabit at gumigising sa kanya.

"Ano 'yang kinakain mo, 'biskwit ba 'yan? Ang tubig mo sa plastic natapon na."

Napansin ng babae ang plastic ng 'biskwit na tangan pa ni Bernie.

"Ano ang ginagawa mo rito? Bakit d'yan ka sa bangketa natutulog?"

Nagkuwento si Bernie sa babae na nagpakilala sa kanya sa pangalang Cecile.

"Ikaw talaga naku Cecile na lang, alisin mo na 'yung 'aling.' 'Wag ng Aling Cecile ah, Cecile na lamang itawag mo sa akin."

Kahit may edad na si Cecile ay hindi naman maikakaila ni Bernie na maganda ito at makinis.

"Ganon ba ang nangyari sa 'yo, eh ano ang plano mo ngayon? Saan ka tutuloy?"

Hindi alam ang isasagot kaya umiling lamang si Bernie kay Cecile.

"Teka, halika at sumakay ka na para doon na lang tayo makapag-usap sa bahay."

Malapit iyon sa subdivision na tinitirhan ni Cecile kaya niyaya niya si Bernie.

"Ano ka ba? 'Wag ka ng mahiya ano, 'di pa nga ako nakakaganti ng utang na loob ko sa 'yo eh."

Nahihiya si Bernie at iyon ay alam ni Cecile kaya pinilit na siya ng babae.

Shock si Bernie pagtapat ng sasakyan ni Cecile sa bahay nito dahil kusang tumataas o umaangat ang gate.

Hindi pamilya si Bernie sa ganoong klaseng gate na de-remote palibhasa ay laking probinsiya.

**(Sundan)**

# 'REMAIN NON-PARTISAN': CARRANZA TO NEWLY-PROMOTED COPS

**CAMP GEN. VICENTE LIM – Calabarzon's top cop has warned newly-promoted police officers to refrain from engaging in partisan politics.**

"Huwag kayong gagamit ng pulitika (Never go into politicking) in your assignment. I'll make sure to throw the book (at) you," Police Regional Office 4-A (Calabarzon) Director, Brig. Gen. Edward Carranza, said during the donning and pinning of ranks held at the regional command headquarters grandstand here Monday.

Carranza challenged the newly-promoted officers on their new ranks, saying these come with greater responsibilities and opportunities to renew their commitment to their sworn duties and responsibilities.

"Promotion in the organization is a way to reward high-performing officers, provided they meet all the requisites set forth by the Promotion Board. This boosts the morale of our personnel to do their jobs effectively and motivates them to exceed their efforts from what it was during the previous period," he said.

He also assured the cops that the regional police command would improve its operational capability, and enjoined them to sustain the command's performance as the country's "Best Police Regional Office" in 2018.

Meanwhile, Carranza noted that despite the achievement, PRO 4-A's internal cleansing program will be sustained to rid the police force of misfits and scalawags and pursue the police organization's transformation into a "highly capable, effective, and credible police force."

"Tapos na tayo sa tradisyunal na pagpaparusa sa ating mga kabaro na nasasangkot sa mga iligal na gawain. Kung hindi sila nadadaan sa simpleng pakiusapan, daanan natin sa marahas na paraan. At 'yan ay ang agarang pagsibak sa pwesto kung sila ay napatunayang nagkasala (We are done with the traditional punishment of our colleagues who are involved in illegal activities. If they could not be motivated to do what is right, they should be dealt with harshly – they will be immediately dismissed from the service once they are proven to be guilty)," he said.

Carranza also gave an ultimatum to those who are still involved in illegal activities, noting that some 441 police officers across the country, who were involved in illegal drug activities, have already been dismissed from the service since 2016.

Of this total, 322 were dismissed after testing positive for illegal drugs while 119 were found to be involved in the illegal drug trade, caught possessing and selling illegal drugs, and protecting drug syndicates.

"May kalalagyan kayo kapag hindi pa kayo tumigil sa ilegal ninyong gawain (There's a place for you if you continue your illegal activities)," he said, urging the promoted officers to serve as "living examples to your junior officers so that they would emulate the wisdom you have had."

Of the 185 newly-promoted personnel, 20 Police Lieutenants were promoted to Police Majors under the Police Commissioned Officers (PCOs) rank, while 165 Police Non-Commissioned Officers were promoted from Police Staff Sergeants to Police Executive Master Sergeants, and from Police Corporals to Police Staff Sergeants.

Their promotion falls under the 1st Semester Calendar Year 2019 Regular Promotion Program (second Level Police Commissioned Officers and Police Non-Commissioned Officers) as part of the Lateral Entry Program for Line Officers.

The simultaneous donning and pinning of ranks and mass oath-taking were held Monday in five Police Provincial Offices and the Regional Mobile Force Battalion 4-A across Cavite, Laguna, Batangas, Rizal and Quezon. ***(PNA)***

# BOC files 6 criminal cases before the DOJ

In its continuing effort to foil law breakers and unscrupulous smugglers, the Bureau of Customs (BOC) today filed six criminal cases before the Department of Justice (DOJ).

The first case is against Agustin Esguerra, owner of consignee Pulilan Motors Truck Rebuilding Center and his Licensed Customs Broker Tomas James Y. Delos Santos, for smuggling of one unit of Bentley Continental GT car and one unit used Hino truck through misdeclaration.

The second case involves fake Rolex watches that arrived at the Clark International Airport from Singapore found in the possession of Gianmarco Macaluso that arrived on 05 February 2018.

According to Customs Commissioner Rey Leonardo Guerrero, BOC is doing its best to curb the entry of illegal drugs and other contrabands into the country. "We have tightened our watch for illegal drugs and other contrabands at the country's various ports of entry, coupled with our strengthened coordination with other enforcement agencies such as the Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA), the National Bureau of Investigation (NBI), the Philippine Coast Guard (PCG) and the Philippine National Police (PNP)," Guerrero said.

"To tightly secure our borders, I have instructed all frontline customs personnel to be doubly vigilant for attempts to smuggle drugs and other contrabands through the Bureau of Customs," he added.

Also charged today before the DOJ relative to these drug importations were importers Jeffrey Samson and Edgar Valencia and their broker Jenilie Gacutan for allegedly importing nine hundred thirteen grams of methamphetamine hydrochloride which was declared as baby clothes and another two thousand ninety-two grams of methamphetamine hydrochloride declared as "8 Sauce," respectively.

Other packages were consigned to Marcelino Rotea, declared as used shirts but found to actually contain 3.165 kilograms of marijuana in six plastic packs and to Mario Jamoroa of Navotas City of which package was declared to contain "1 Pasta Sauce."

The total estimated value of all these goods subject of the six cases is FORTY-SIX MILLION FOUR HUNDRED NINETEEN THOUSAND FIVE HUNDRED SIXTY-ONE PESOS AND SIXTY-FOUR CENTAVOS (Php46,419,561.64).

"There will be no stopping us, we will be relentless, there will never be an end to our battle against evil doers most specially those who want to taint our youth with the vermin of dangerous drugs," Guerrero stressed.




# Metro Manila Council agrees on standard "No Window Hours" policy

QUEZON CITY (PIA) — The Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) on Tuesday, reiterated that the "no window hours" policy for number coding scheme is in effect on all major roads and Mabuhay Lane routes.

MMDA General Manager Jojo Garcia made the clarification following erroneous rules on traffic number coding scheme have circulated online and created confusion among motorists.

"We have agreed to standardize the "no window hours" scheme on national roads and roads listed as Mabuhay Lane," Garcia said after the Metro Manila Council (MMC) meeting held Tuesday attended by representatives from 17 local government units (LGUs) in Metro Manila.

Garcia said members of the MMC have agreed also to amend their existing number coding schemes and traffic code implemented in their jurisdiction.

The MMC, composed of Metro Mayors, is the policy-making and governing body of the MMDA.

The Unified Vehicular Volume Reduction Program (UVVRP) or the number coding scheme is enforced during weekdays from 7 am to 8 pm on major thoroughfares in Metro Manila, including EDSA.

Under the scheme, vehicles banned on a certain day of the week depending on their licensed plate or conduction sticker ending digits cannot traverse major thoroughfares and Mabuhay lane routes for any hours between 7 am and 8 pm.

"Effective immediately, MMDA traffic enforcers will apprehend violators on national roads while counterpart traffic enforcers of local government units will do the apprehension in their jurisdiction," said Garcia. (PIA InfoComm)

# Bulacan, Pampanga rice farmers assured of irrigation water supply

**CITY OF MALOLOS, Bulacan —**The National Irrigation Administration (NIA) has assured that irrigation water supply to rice lands in Bulacan and some parts of Pampanga will last until May 15 this year.

Eliseo Bitangcol, press relations officer of NIA-Central Luzon, said for the current dry cropping season, NIA started releasing irrigation water to its service areas in Bulacan and Pampanga on January 9 this year and its cut-off is scheduled on May 15.

"No problem with irrigation water supply until rice crops are harvested based on the water allocation provided by the National Water Resources Board," Bitangcol added.

The assurance was made after water supply for Metro Manila residents being serviced by Manila Water Company Inc. experienced water shortage.

The main source of Metro Manila's potable water comes from Angat Dam and so is the main source for irrigation water of rice lands in Bulacan and some parts of Pampanga.

Operations of the Angat Dam are now under the supervision of K Water and San Miguel Corporation.

Rodolfo German, former plant manager of the Angat River Hydroelectric Power Plant (ARHEP), earlier explained that before Angat Dam was acquired by the Korean company K-Water and San Miguel Corporation, the first priority for the water supply coming from Angat Dam is for the water requirements for Metro Manila's households, second, for the power generation of the National Power Corp., and third, for the irrigation supply of Bulacan farmlands and several parts of Pampanga.

If the water level at the dam reaches the critical 180-meter level, German said the irrigation supply to the Bulacan and some part of Pampanga's farmlands is automatically cut off to preserve the dam's water for distribution to the water concessionaires of MWSS.

Meanwhile, Maria Gloria Carillo, provincial agriculturist of Bulacan, said farmlands in the province have a total of 32,719.30 hectares of irrigated lands and 16,305 hectares rain-fed for a total of 48,754.30 hectares with an average rice yield of 4.43 metric ton per hectare.

"With an adequate irrigation water supply to Bulacan rice lands for the current dry cropping season, the province is expected to produce 144,946.499 metric tons of palay," Carillo added. ***(PNA)***


CLASSIFIED ADS

JOJO DEMETILLA
*Advertising Manager*
*0929-2415793*

**Upholstery**
**0947-3254064**
**Look for Rommel**


**B3W Motor Shop**
**(Maayos na serbisyo**
**sa mababang presyo)**
**Ligtong 3, Rosario, Cavite**

**Tata Ver's Family KTV(TVFK)**
**Home of exotic pulutan**
**Located at 1337 Juan Luna St.**
**corner Perla st.,Tondo Manila**

**MANS ALTERATION-TAILORING**
**Located at Town Plaza**
**Noveleta,Cavite**

**SOUTH STAR PRINT CENTER**
**Alima, City of Bacoor, Cavite**
**Accepts: offset, letterpress, riso, pvc ID, all kinds of office forms.**
**We also buy and sell all kinds of printing machineries**
**Contact: (046) 434-6167**
**Cell: 0916-5397268/**
**0918-6174067**


# CROSSWORD



## PAHALANG
1 Wala ng laman kahit patak
5 Pwedeng pumasok pag may ID
10 Laman ng Library
12 Abuloy
13 Kuala Lumpur
14 Pabilo
16 Notang musikal
17 Titulo ng banal
19 __ Tse Tung
20 Termino sa golf
21 Utak
23 Sulitan sa Abogasya
24 Panaw
25 Veneracion o Fleming
26 Notang musikal
28 Yeso
31 Aso: Ingles
32 ___ cola o corn
34 Sabado; daglat
35 Anita Linda
36 Husto
38 Yayo Aguila
39 Bayan sa Nueva Ecija
41 Layon
43 Halimuyak ng kape
44 Lutuan ng halaya

## PABABA
1 Nakita ang mga nangyari
2 Gawa ng mga trabahador
3 Illinois; daglat
4 Pinag-iipunan ng tubig
5 Malaking pamukpok
6 Idolo ng mga anak
7 Tipo ng dugo
8 Detektor
9 ___ Sikorsky
11 __ Duncan
15 Nilalang
18 Pinanggalingan ng nata de coco
20 Sira ang pagkain
22 Flag carrier ng bansa
23 Panghataw sa baseball
26 Uri ng eclipse
27 Standard Operating Procedure
29 Indak
30 Marilou Diaz ___
31 Salot sa palayan
32 Palaso
33 ___ Smear
36 Uncle ng Amerikano
37 Tunog ng typewriter
40 Purchase Order
42 Ikaw lamang







## PAHALANG
1 Mga sakit at pagtitiis
5 Lagyan ng kumot ang hihigaan
11 Niyayakap kung natutulog
12 Pagtulad sa ibang tao
13 Pagpuyatan
16 __ King Cole
17 Taliwas ng out
18 _ Sebastian College
19 Notang musikal
20 Sunod sa Oktubre=
22 Matrimonyo
24 Renta
26 Epoka
28 Boto
30 Titulo ng banal
33 After Death
34 __ Voyage
36 Simbolo ng Barium
37 Latin; daglat
39 Orasyunan
41 Bahay-kalinga
43 Otso
44 Ate sa Ilokano
45 ASAP

## PABABA
1 Salubong ang mga mata
2 Taong kulang sa taas
3 Tawag kay Samantha
4 Pagsasalita ng mahina
6 Kasalanan; Ingles
7 April Magic
8 Pinunit
9 Baluga
10 __ de coco
14 Uri ng punungkahoy
15 Mrs. Raymundo
19 Nikotina
21 Kargahin
23 Panibugho
25 Sulatang papel
27 Tinangay ng agos
29 Hamak
31 Subsob sa trabaho
32 Kasama ng kanin
35 Sana
38 Esperanza
39 Titulo ng mayaman
40 Jet __
42 — Solidaridad



### Sagot sa nakaraan:




# WORD SEARCH


ATTACK, BLOCK, BOUT, COMPETE, EVENTS, FOIL, LUNGE, MASTER, POINT, SCORE, SEQUENCE, TECHNIQUE


| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | C | O | M | B | A | T | I | V | E | A | P | E | S | T |
| L | E | A | F | P | B | U | F | L | M | E | L | C | O | E |
| D | M | O | E | O | I | I | S | A | B | E | R | U | F | C |
| E | I | E | R | I | I | C | L | L | E | A | E | E | C | H |
| L | O | C | Z | N | E | S | O | E | E | E | N | T | N | N |
| C | P | Y | L | T | I | C | O | T | C | C | P | U | S | I |
| E | P | R | E | P | K | E | E | L | E | O | V | E | E | Q |
| E | O | C | E | R | A | P | L | R | E | E | E | H | G | U |
| C | N | A | H | T | M | R | S | L | E | C | D | R | N | E |
| N | E | K | T | O | S | C | R | R | C | N | O | M | U | F |
| E | T | M | C | T | E | A | O | Y | O | E | O | T | L | S |
| U | M | A | P | U | A | C | M. | S | O | V | N | A | T | P |
| Q | M | E | L | G | S | C | L | R | E | N | W | O | U | T |
| E | E | V | E | N | T | S | K | S | H | E | O | O | U | P |
| S | E | Y | B | O | C | L | E | M | A | B | Y | E | I | U |

BLANKET, BOOTS, BRIDLE, CANTER, FOAL, GAIT, GALLOP, GROOM, MARE, NOSE, PONY, RACE

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | E | L | C | I | G | A | M | O | R | C | A | M | E | M |
| W | F | L | L | B | R | B | N | P | O | L | L | A | G | O |
| O | S | I | M | L | L | E | D | C | R | M | T | T | C | S |
| H | E | A | A | B | I | A | A | A | A | E | A | M | O | H |
| S | E | O | D | G | S | N | N | R | C | N | A | N | F | T |
| E | F | E | H | D | T | W | A | K | E | T | L | S | E | E |
| F | B | D | R | E | L | P | E | T | E | E | E | G | E | R |
| A | R | W | R | A | T | E | M | N | R | T | R | N | E | R |
| S | I | E | E | O | M | E | I | R | I | O | D | S | C | S |
| U | D | G | G | I | D | P | O | A | O | U | T | P | U | T |
| R | L | B | Y | A | V | S | Y | M | M | O | Q | I | P | E |
| I | E | O | N | T | I | Z | A | N | O | L | N | E | N | E |
| V | I | P | O | C | R | T | E | B | L | R | O | M | R | D |
| R | H | L | P | C | H | A | R | I | O | T | S | T | G | I |
| F | R | E | W | E | I | V | O | T | O | H | E | Y | R | M |

### Sagot sa nakaraan:





# SUDOKU

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | 2 | 7 | 3 | | 5 | | | |
| | | | | 7 | | | 2 | 1 |
| 9 | | | 4 | 1 | | 8 | | |
| | 6 | 4 | | | | | | 5 |
| | 1 | | 9 | | 8 | | 7 | |
| 7 | | | | | | 4 | 3 | |
| | | 8 | | 9 | 1 | | | 3 |
| 3 | 7 | | | 6 | | | | |
| | | | 8 | | 7 | 2 | 1 | |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 4 | | | 6 | 9 | | | | 1 |
| | 9 | | | | | 3 | 8 | |
| | | 2 | | 3 | 4 | | | 6 |
| 1 | 7 | | 5 | | | 8 | | |
| | | 8 | 3 | | 7 | 2 | | |
| | | 4 | | | 9 | | 3 | 7 |
| 7 | | | 4 | 8 | | 9 | | |
| | 1 | 9 | | | | | 6 | |
| 3 | | | | 2 | 6 | | | 8 |

### Sagot sa nakaraan:

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1 | 4 | 9 | 7 | 3 | 5 | 2 | 8 | 6 |
| 7 | 8 | 2 | 6 | 9 | 4 | 3 | 1 | 5 |
| 5 | 6 | 3 | 2 | 1 | 8 | 4 | 7 | 9 |
| 6 | 2 | 7 | 1 | 4 | 3 | 9 | 5 | 8 |
| 4 | 3 | 8 | 9 | 5 | 7 | 6 | 2 | 1 |
| 9 | 9 | 1 | 8 | 6 | 2 | 7 | 4 | 3 |
| 3 | 7 | 4 | 5 | 8 | 6 | 1 | 9 | 2 |
| 8 | 1 | 6 | 4 | 2 | 9 | 5 | 3 | 7 |
| 2 | 9 | 5 | 3 | 7 | 1 | 8 | 6 | 4 |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 4 | 6 | 9 | 3 | 2 | 8 | 1 | 5 | 7 |
| 2 | 1 | 5 | 6 | 4 | 7 | 3 | 8 | 9 |
| 7 | 3 | 8 | 5 | 9 | 1 | 2 | 6 | 4 |
| 3 | 4 | 1 | 2 | 5 | 9 | 6 | 7 | 8 |
| 8 | 7 | 6 | 1 | 3 | 4 | 9 | 2 | 5 |
| 9 | 5 | 2 | 8 | 7 | 6 | 4 | 3 | 1 |
| 6 | 8 | 4 | 7 | 1 | 2 | 5 | 9 | 3 |
| 1 | 2 | 3 | 9 | 8 | 5 | 7 | 4 | 6 |
| 5 | 9 | 7 | 4 | 6 | 3 | 8 | 1 | 2 |

# SC SACKS SHERIFF FOR MISAPPROPRIATING LITIGANT'S MONEY

**MANILA — The Supreme Court has dismissed a court sheriff from public office for misappropriating PHP10,000 he received from a court litigant meant for the publication of a notice of an extrajudicial foreclosure.**

In a decision, the Court en banc found Manuel H. Gimeno, Sheriff IV, Branch 19, Regional Trial Court, Cebu City, guilty of misconduct.

Gimeno would have been dismissed from the service had he not been earlier dropped from the rolls for being absent without leave. The Court also forfeited his retirement and other benefits, except accrued leave credits.

"[H]is act of appropriating the money given to him by complainant puts the Judiciary and its processes in a bad light. This gives an impression to the public that the courts and its personnel would not hesitate to shun their public duties in exchange for personal gain," the Court said.

The case stemmed from a complaint of the Rural Bank of Talisay (Cebu), Inc., through its president Adele V. Villo.

In 2011, Gimeno received PHP10,000 from Villo as cost for publication of the notice of extrajudicial foreclosure in Cebu Daily News.

However, Gimeno failed to remit payment despite repeated demands.

The Court, however, held that "[Gimeno's] actions were clearly tainted with corruption as he received money from complainant in his capacity as sheriff for the RTC…Even if it were true that respondent only used it to pay for the hospital funds of his mother, it cannot be gainsaid that he used his position as sheriff to obtain funds from private persons for his own benefit and to the detriment of the latter."

"Measured by the exacting standards imposed on court personnel, it is unquestionable that respondent severely failed to uphold what was expected of him. He readily admits that he appropriated for himself the money given to him by complainant as payment for publication costs. Respondent's liability is indubitable and the only genuine issue to be resolved is the penalty to be imposed for his transgressions," the Court said.

The Court also ruled that Gimeno failed to exhibit contriteness after he continuously failed to make the necessary payments for publications in spite of demands or opportunities for him to correct his wrongdoings.

"Respondent's length of service does not justify the imposition of a penalty lesser than dismissal from service. The length of service had been taken against the erring public official, even if it is for the first offense, in cases involving serious offense such as grave misconduct," the Court added. ***(PNA)***

# Obrero, dedo sa bus

**PATAY** ang isang 22-anyos na obrero nang magulungan ng truck habang ito ay tumatawid sa Carmona, Cavite.

Dead on the spot ang biktimang si Boomer Villanueva, tubong Bacolod City at stay-in sa Terra Verde Residences Baracks, Bancal, Carmona.

Kinilala naman ang driver ng Kingkong Bus truck na may plakang UUD 371 na si Noel Ramos, 40, may-asawa ng Brgy Catandaan, Nasugbu, Batangas,

Sa ulat ni PO3 Marlon Ramirez, ng Carmona Municipal Police Station, dakong alas-5:15 ng madaling araw nang naganap ang insidente kung saan minamaneho at binabagtas ni Ramos ang kanyang bus ang kahabaan ng Governors Drive, Brgy Bancal, Carmona, nang tumawid ang biktima at magulungan ito na nagresulta sa kanyang agarang kamatayan.

Dahil sa insidente, nagdulot ito ng trapik sa lugar at aksidente ng sasakyan kung ssan nabundol ng isang Izusu Alumimum truck na may plakang RLV 220, na minamaneho ng isang Mateo Adard ng Hugo Perez Trece Martires, Cavite ang isang Toyota Hilux na mobile patrol (A6K141) kung saan tinamaan ang kanang pintuaan, fender at head light.

Kasong reckless imprudence resulting in homcide at damaged to property ang kinahaharap ng driver ng bus. **GENE ADSUARA**



Sinorpresa ni Manila Mayor Joseph Estrada ang mga residente ng Distrito 1 nang bumisita ito sa kanyang libreng serbisyo at medical mission ng MARE Foundation kamakailan. Nais na tiyakin ni Estrada na tuluy-tuloy na naibibigay agad ang ayuda ng city government at ang mga serbisyo tulad ng paghahanap ng trabaho, pagkuha ng birth certificate at iba pa. Naroon din sina Dra. Loi Ejercito at ang kanyang anak na si Jackie. (Christian Heramis)

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 23**
**TRECE MARTIRES CITY**

**EAST WEST BANKING CORPORATION**
Mortgagee,

-versus-

**FORECLOSURE CASE NO. F-038-19**

**RESTY BAUTISTA RAMOS,**
**Represented by his Atty.-in-Fact**
**REGINA RAMOS PAED**
Mortgagor(s),
- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135 as amended by Act 4118 filed by **EAST WEST BANKING CORPORATION**, with business address at East-West Corporate Center, The Beaufort , 5th Ave., cor 23rd St. Bonifacio Global City, Taguig City against the mortgagor **RESTY BAUTISTA RAMOS, represented by his Atty.-in-Fact REGINA RAMOS PAED,** with residence and postal address at 421 Pavia St., Tondo Manila and/or Block 2A, Lot 7, Kensington 17, Brgy. Navarro, Gen. Trias City, Cavite, to satisfy the mortgage indebtedness which as of December 28, 2018 amounts to **ONE MILLION TWO HUNDRED SIXTY TWO THOUSAND SIX HUNDRED SIXTY FIVE PESOS & 51/100 (Php 1,262,665.51)**, Philippine Currency inclusive of interest and penalty charges as of said date but excluding the foreclosure and other necessary expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned Sheriff will sell at public auction on **May 21, 2019** at 10 o'clock in the morning at the main entrance of the Government Center Building located at the Provincial Capitol Compound, Trece Martires City, to the highest bidder for **CASH** and in the Philippine Currency, the following described property with all improvements therein, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2017039033**

**Lot No. 7** **Block: 2A** **Plan No. Psd-04-231268**

**Portion of:** Lot 1725, San Francisco de Malabon Estate (FRS-04-005312)

**Location:** Barangay of Navarro, Municipality of Gen. Trias, Province of Cavite, Island of Luzon

**Boundaries:**

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | SE | Lot 8, Block 2A, Psd-04-231268 |
| 2-3 | SW | Lot 9, Block 2A, Psd-04-231268 |
| 3-4 | NW | Road Lot 2 , Psd-04-231268 |
| 4-1 | NE | Lot 5, Block 2A, Psd-04-231268 |

**Area: SEVENTY TWO SQUARE METERS (72), more or less**

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **May 28, 2019** without further notice.

Prospective bidders/buyers are hereby enjoyed to investigate for themselves the title to the said property and encumbrance thereon, if any there be.

Trece Martires City, **March 19, 2019**

**LUCIO C. ALEJO III**
Sheriff IV

**COPY FURNISHED:**
**ONA PAMFILO & BUBAN LAW OFFICES**
Counsel for the Mortgagee
6th Floor, EastWest Corporate Center
5th Ave cor 23rd St., Bonifacio Global City,
Taguig City 1634

**MR. RESTY B. RAMOS**
**MS. REGINA R. PAED**
421 Pavia St., Tondo Manila and/or
Block 2A, Lot 7 Kensington 17, Brgy. Navarro, Gen. Trias City, Cavite

**Publication: HANEP** March 25, April 1 and 8, 2019

# NENE, HINALAY AT PINATAY NG BINATILYO

**HINIHINALANG ginahasa muna saka pinatay ang isang 5-anyos na batang babae ng isang menor de edad na lalaki saka isinilid ang bangkay nito sa garbage bag at iniwan sa isang bakanteng bahay sa Naic, Cavite.**

Sinampahan na ng kasong rape with homicide ang suspek na si John (di tunay na pangalan), 17, ng Integrity St., No. 74 Block 12 Lot 26 Phase , Brgy Sabang, Naic, na hawak ng Bitag, matapos itong sumuko kay Ben Tulfo dahil sa pagpatay kay Catherine , 5-anyos.

Sa ulat ni PO2 Rodrigo Veloso III, ng Naic Municipal Police Station, dakong 11:59 ng gabi noong March 22 nang natagpuang ang bangkay ni Catherine sa ikalawang palapag ng isang bakanteng bahay sa Brgy., Sabang, Naic, ng mga opisyal ng nasabing barangay.

Nauna rito, hinahanap ng ama ng biktima si Catherine dahilan upang ipagbigay alam sa barangay kung saan nang nahanap ang bangkay nitong nakasilid sa isang laundry bag at tanging ang mga tuhod lamang niya ang nakalabas.

Ayon kay Veloso, ang biktima ay madalas umanong nakikipaglaro sa anak ng kapatid ng suspek na kapitbahay lamang nila at bago naganap ang insidente ay nakita ng mga kapitbahay nila na ang suspek ang huling kasama ng biktima.

Dagdag pa ni Veloso na noong nag-report ang ama ng biktima ay sinamahan pa siya ng suspek sa barangay.

Ayon pa kay Veloso, ang suspek ay dalawang buwan pa lamang dumating sa bahay ng kanyang kapatid sa Naic matapos itong magtago sa kasong carnapping kung saan doon niya umano dinala ang sasakyan.

Nasangkot din ang suspek sa kasong rape na naganap sa Tondo kung saan siya dating nakatira. **GENE ADSUARA**

# 2 Sugatan sa matagal ng alitan

**SUGATAN** ang dalawang katao nang resbakan at pagpapaluin ng baseball bat sa ulo ng dati nitong karibal may isang taon na ang nakakaraan sa Imus City, Cavite.

Ginamot sa Imus Family Hospital ang mga biktima na si Ryan Legarda , 25, binata, cargo reloader, ng Block 2 Lot 34 Goldlane Subd., Anabu 1-F, Imus City; at Neil Luzon, 27, binata, call center agent, ng Block 2 Lot 56 Goldlane Subd., Anabu 1-F, Imus City dahil sa sugat a ulo.

Arestado naman ang suspek na nakilalang si Eugene Espiritu, 26, binata, seafarer, ng 461 Brgy. Anabu I-C, at isang John Doe.

Sa report ni PO1 Jessie Villanueva, ng Imus City Police Station, dakong alas-11:30 ng gabi nang naganap ang insidente sa harapan ng bahay ni Legarda habang nag-iinuman ang dalawa.

Nabatid na may nakapagsabi sa suspek na nag-iinuman ang dalawa kaya agad silang dumating sa lugar sakay ng jeepney, sinugod ang biktima at walang sabi-sabing pinagpapalo sa ulo ni Espiritu si Legarda habang ang kasama nito ay pinukpok naman ng bato sa ulo si Luzon.

Isinugod sa ospital ang mga biktma habang ang mga suspek ay naaresto sa isinagawang follow up operation.

Ayon kay Villanueva, may isang taon nang may alitan si Legarda at Espiritu dahil lamang sa babae kung saan inireklamo ng biktima ang suspek sa barangay. **GENE ADSUARA**

# Trak nang-araro, 1 dedo 2 grabe

**PATAY** ang isang 33-anyos na sakay ng isang truck habang sugatan ang dalawa pa kabilang ang asawa ng driver nang banggain nito ang isang nakaparadang sasakyan sa gilid ng kalsada sa Dasmarinas City, Cavite.

Namatay habang ginagamot sa Pagamutan ng Dasmarinas City si Villamor Tumamao, 33, habang sugatan ang tiyahin nitong si Imelda Sarte, 54, kapwa residente ng Block 1 Lot 89 Britanny Subd., Governors Drtive Brgy Paliparan 2, Dasmarinas City; at Jesus Junio, 34, tricycle driver, ng Block 11 Lot 63, Brgy Fatima 1, Dasmarinas City.

Arestado naman ang driver na si Simplicio Sarte, 54, asawa ni Imelda, 54, ng Block 1 Lot 89 Britanny Subd., Governors Drive Paliparan 2.

Sa report ni Pat. Norman Guerra, ng Dasmarinas City Police Station, minamaneho at binabagtas ni Sarte ang isang Foton Tornado Truck na may plakang ACP 2332 ang kahabaan ng Molino - Paliparan road patungo sa direksiyon ng GMA Cavite kung saan sakay nito si Villamor at asawang si Imelda nang aksidenteng masagi nito si Junio na tumatawid sa kalsada dakong alas-12:10 ng hatinggabi.

Dahil sa pangyayari, patuloy pa rin ang pagtakbo ng truck at nabundol naman nito ang harapang bahagi ng isang Isuzu Giga tractor Head na may plakang CAO 1179 na minamaneho ni Benesad na noon ay nakaparada lamang sa tabi ng kalsada.

Isinugod ang apat sa ospital subalit nalagutan ng hininga si Tumamao habang ginagamot si Simplicio ay inaresto at ang kanyang sasakyan ay nasa kustodiya ng pulis. **GENE ADSUARA**



CAVITEÑO YOUTH ELECTED AS NATIONAL PYAP PRESIDENT: The Provincial Government of Cavite thru the Provincial Social Welfare and Development Office awarded a certificate of recognition to Mr. Mark Philip Iso during the flag raising ceremony of capitol employees on March 25, 2019. Mr. Iso's significant contributions as an active President of the Pag-Asa Youth Association of the Philippines (PYAP) in Bacoor City and in the Calabarzon region earned him the PYAP National President post during the election of officers held last March 11-15, 2019 in Zamboanga del Norte. On behalf of Governor Boying Remulla, the provincial board members and staff of PSWDO expressed their congratulatory message to Mr. Iso, as well as to Bacoor CSWD Officer Liliane Ugalde. (PICAD)

# HANEP

Basahin Mo Ito!

## KALIBRE



ROMY SANTOS

0977-7844136

## Kapit sa patalim si Sheriff?

**PAGKASIBAK** sa puwesto ang iginawad ng Supreme Court (SC) laban kay Manuel Gimeno, Sheriff 4 ng Cebu City Regional Trial Court (RTC) Branch 19.

Lumitaw sa pitong pahinang desisyon ng SC en banc ay napatunayan siyang guilty sa kasong grave misconduct.

Nakapaloob sa desisyon na siya ay hindi na maaaring makabalik pa sa public office.

Utos din ng SC ang pagbawi sa kanyang retirement benefits at iba pang benepisyo, maliban lamang sa accrued leave credits niya.

Si Gimeno ay inireklamo ng pamunuan ng Rural Bank of Talisay (Cebu), Inc. dahil sa pagtanggap niya ng P10,000 noong 2011.

Ang naturang halaga ay nakalaan dapat sa gastos para sa publication ng notice of extrajudicial foreclosure sa isang pahayagan sa Cebu.

Si Gimeno ay nasa 22 taon na sa serbisyo at sa mahabang panahong panunungkulan ay ngayon lamang nasangkot sa naturang pangyayari.

Ang paliwanag niya ay hindi kinatigan ng SC dahil ito ay isang uri ng pagyurak sa imahe ng hudikatura.

Nagawa iyon ni Gimeno dala ng pangangailangan sa pera dahil sa pagpapaospital sa ina niyang may sakit.

Nakakalungkot lamang na dahil sa isang pagkakamali ay nawalang parang bula ang maraming taon niya sa serbisyo.

Masasabing sayang subalit maaaring walang pagsisisi sa kanya dahil kaya niya nagawa iyon ay bunga ng sinasabing kapit sa patalim si Sheriff para lamang sa ina.

Tama po ba Sheriff Gimeno?

Kung tutuusin ay maraming court personnel ang gumagawa ng katiwalian na ang dahilan ay para lamang sa luho o bisyo.

May ilang kawani ng hukuman mula sa hukom pababa ay nasasangkot sa iligal na Gawain.

Sana silang mga 'baluktot' na court personnel ay matukoy at matugis ng Kataas-Taasang Hukuman.

Hindi natin binibigyan ng katwiran si Gimeno o hindi natin siya kinakampihan dahil talaga namang mali ang kanyang ginawa.

Pero mas nakakarami ang mas mali ang ginagawa sa hanay ng huridikatura na sana ay lalong pagtuunan ng atensiyon ng SC.

Kung may nangyayaring sangkutan o sabwatan sa hanay ng ilang tiwaling court personnel at kliyente para lamang sa kinang ng salapi, ito dapat ang magwakas.